



Ang Mga Mananampalatayang Hebreo

WEEK 1

WARM-UP

- Isipin ang isang kaibigan o pinuno na hinahangaan mo dahil sa lagi siyang puno ng pag-asa. Paano niya ito ipinapakita?
- Magkuwento tungkol sa panahon na pakiramdam mo ay nagigipit ka dahil sa mga nangyayari sa paligid mo. Ano ang mga nagdudulot ng ganitong pakiramdam sa iyo?
- Dumaan ka na ba sa oras ng matinding paghihirap? Paano mo ito napagtagumpayan?

WORD *Ngunit hindi tayo kabilang sa mga tumatalikod sa Diyos at napapahamak, kundi kabilang tayo sa mga sumasampalataya at naliligtas.* **MGA HEBREO 10:39**

(Basahin din ang **MGA HEBREO 10:32-39**.)

Ang liham para sa mga Hebreo ay nagtala ng mga kalalakihan at kababaihan sa kabuuan ng Bibliya na nagpakita ng dakilang pananampalataya. Nais ng sumulat ng liham na ito na palakasin ang loob ng mga mananampalatayang Hebreo na kasalukuyang humaharap sa napakaraming pagsubok. Ipinaalala niya sa kanila kung paano sila tumugon nang nakatuon sa mga pangako ni Jesu-Cristo noong mga nakaraan nilang pagsubok. Hinikayat sila ng manunulat na bumalik sa dati nilang pananampalataya, at pinaalalahanan sila na magtiis sa kanilang pananampalataya sa kabila ng mga pagsubok dahil sila ay kabilang sa mga naliligtas. Ngayon, titignan natin ang tatlong mga kadahilanan kung bakit magagawa nating magtiyaga sa ating pananampalataya sa gitna ng mga pagsubok.

1 | Kayamanan na Hindi Mawawala Kailanman

*Dinadamayan n'yo ang mga kapatid na nakabilanggo. At kahit inagawan kayo ng mga ari-arian, tiniis n'yo ito nang may kagalakan dahil alam ninyong mayroon kayong mas mabuting kayamanan na hindi mawawala kailanman. **MGA HEBREO 10:34***

Ang isa sa mga tamang tugon sa pagsubok ay ang tanggapin sila nang may kagalakan habang nakatuon sa *mas mabuting kayamanan na hindi mawawala kailanman*. Noong panahong isinulat ang liham na ito, pinagnanakawan ang mga Kristiyano at hindi hinuhuli ang mga magnanakaw. Isa itong uri ng pang-aapi sa mga mananampalataya. Pinalakas ng sumulat ng Mga Hebreo ang loob nila sa pagsabing sa piling ng Diyos, mayroon silang kayamanan na hindi kailanman mananakaw sa kanila kahit pa mawala ang mga pag-aari nila dito sa lupa. Tayo rin ay maaaring magkaroon ng dakilang pananampalataya kahit pa mawala ang ating mga ari-arian dahil mayroon tayong kayaman kay Jesus. Ano ang isang bagay na kinailangan mong isuko dito sa lupa, dala ang kaalaman na mayroon kang gantimpala na hindi mawawala kailanman?

2 | Malaking Gantimpala

*Kaya huwag kayong mawawalan ng pananalig sa Diyos, dahil may malaking gantimpalang nakalaan para sa inyo. **MGA HEBREO 10:35***

Ang sumulat ng Mga Hebreo ay naki-usap sa mga mananampalataya na huwag isuko ang kanilang pananampalataya at katiyakan sa Diyos. Ito ang tutulong sa kanila na makaahon sa mga panandaliang paghihirap sa mundo. Hiniling niya sa kanila na balikan ang dating pinagmumulan ng kasiguruduhan nila dahil ito ay may

malaking gantimpala. May panahon ba na nayanig ang tiwala mo sa mga pangako ng Diyos? Paano ka tumugon?

3 | Mas Mabuting Pangako

Kailangan ninyong magtiis para masunod n'yo ang kalooban ng Diyos, at matanggap n'yo ang ipinangako niya. MGA HEBREO 10:36

Sa pagpapatuloy niya ng liham, hinikayat ng manunulat ng Mga Hebreo ang mga mananampalataya na ituon ang kanilang pansin sa kinabukasan upang magawa nilang magtiis sa gitna ng mga pagsubok na kinakaharap nila. Nang mabuhay muli si Cristo, tinupad Niya ang Kasulatan. Ang pangako ng Diyos ay hindi natin pinaghihirapang matanggap. Bagkus, ito ay naghihintay na para sa atin. Sinasabi sa Bibliya na matatanggap natin ang ipinangako Niya matapos natin *magtiis para masunod ang kalooban ng Diyos*. Paano nakatulong ang mga plano at layunin ng Diyos na hikayatin kang ituon ang pananaw mo sa kinabukasan?

APPLICATION

- Nananalig at nananampalataya ka na ba sa Diyos na walang hanggan, ang ating dakilang gantimpala? Gusto mo bang manalangin upang manalig at umasa sa Kanya simula ngayon?
- Tama ba ang nagiging tugon mo sa mga pagsubok at paghihirap? Ano ang mga bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang tumugon nang may paniniwala at katiyakan sa Diyos?
- May kakilala ka ba na dumaranas ng pagsubok? Manalangin kasama nila upang palakasin ang kanilang pananampalataya.

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos dahil Siya ang iyong pag-asa at ang nagbibigay sa iyo ng katiyakan. Pasalamatang Siya sa dakilang gantimpala na ipinangako Niya kung ikaw ay magtitis at kung gagawin mo ang kagustuhan Niya.
- Hingin sa Diyos na ibigay sa iyo ang pangalan ng isang tao na nangangailangan ng panalangin dahil sa mga pagsubok na kinakaharap niya. Mangako na ipapanalangin mo ang taong ito at humanap ka ng paraan upang bigyan siya ng mensahe na magpapalakas ng kanyang kalooban.
- Ipanalangin na lagi mong itutuon ang iyong pansin sa kayamanang hindi nawawala kailanman, sa malaking gantimpala, at sa mas mabuting pangako na mayroon ka kay Cristo. Ipanalangin na magkaroon ka ng mas malakas na pananampalataya sa gitna ng mga pagsubok.

NOTES



© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph